

Virtual care [Virtual na pangangalaga]

Ipapaliwanag ng resource na ito kung ano ang iyong maaasahan kapag tumatanggap ka ng virtual care mula sa iyong doktor o siruhano.

Ano ang iyong maaasahan

Ang virtual care ay tumutukoy sa medikal na pangangalaga na ibinibigay sa pamamagitan ng teknolohiya at hindi nang personal; ang mga halimbawa nito ay sa telepono o gamit ang online video conferencing (tulad ng Zoom o kaya FaceTime).

Bago ka bigyan ng virtual care, dapat gawin ng iyong doktor o siruhano ang sumusunod:

- subukang maunawaan ang anumang hadlang na maaaring hinaharap mo sa paglahok sa virtual care (tulad ng limitadong access sa teknolohiya), at tugunan ang mga hadlang na ito hangga't maaari
- siguraduhing mayroon siyang angkop na training at skills upang kausapin ka gamit ang virtual care

Habang ginagawa ang virtual care visit, dapat gawin ng iyong doktor o siruhano ang sumusunod:

- sabihin ang kanyang pangalan, kung nasaan siya, kung saan siya lisensyado, kung anong uri ng doktor o siruhano siya, at dapat niya kompirmahin ang iyong identidad kung ito ang inyong unang pagkikita
- ipaliwanag sa iyo ang pagiging angkop, ang mga limitasyon, at mga isyu sa pagka-pribado ng virtual care sa una mong virtual care visit sa kanya
- siguraduhing nalalaman mo kung may sinomang iba pa na maaaring lumahok sa virtual care visit (tulad ng ibang mga propesyonal sa health care)
- bigyan ka ng angkop na medical assessment batay sa iyong mga kasalukuyang sintomas o kondisyon, kasaysayan, gamot, at limitadong pisikal na eksaminasyon
- isipin kung ang virtual care ay ang pinakaangkop na paraan upang bigyan ka ng pangangalaga; at kung kinakailangan ang in-person assessment, dapat

niya iiskedyul ang napapanahong in-person assessment na gagawin niya o ng ibang doktor o nurse practitioner

- siguraduhin na kung kailangan mo ng referral sa isang espesyalista, ikaw ay angkop na maaaseso muna
- hindi magreseta ng mga opioid na gamot, psychotropic na gamot, o cannabis sa iyo maliban kung kasalukuyan ka niyang ginagamot, o kaya'y personal ka niya (o ng ibang lisensyadong health care practitioner na direktso mong pinuntahan) ineksamin
 - **Abiso:** Para sa mga layunin ng pagsimula ng opioid agonist treatment (OAT), maaari kang iksaminin ng mga doktor nang in-person o nang virtual.

Pagkatapos ng virtual care visit, dapat gawin ng iyong doktor o siruhano ang sumusunod:

- magmintina ng isang medical record ng virtual care visit alinsunod sa mga propesyonal at legal na pangangailangan
- siguraduhing mayroon kang access sa iyong medical record at na ang iyong record ay available sa ibang mga propesyonal sa health care na maaaring magbigay sa iyo ng patuloy na pangangalaga at paggamot
- angkop na makipagkomunika sa ibang health care providers na may kinalaman sa iyong pangangalaga